# AP6 Q4 WEEK 3 DAY 3: PAGTATAYA

**PANGALAN:** ______________________________________________

**PANUTO:** Piliin ang A kung ang pahayag ay nagsasaad ng katotohanan tungkol sa karapatan ng mga bata at B kung hindi.

_____11. Mahalagang malaman ng bawat isa ang kanilang mga karapatan upang hindi abusuhin ninuman.

_____12. Sa bawat karapatang tinatamasa ng mamamayan, hindi na kailangan pang alamin ang mga kaakibat na responsibilidad nito.

_____13. Isinasaalang-alang ng isang responsableng mamamayan ang mga paglilingkod sa kapwa at sa bansa bilang kanyang tungkulin.

_____14. Sa kasalukuyan, marami pa ring mga mamamayan ang hindi alam ang mga karapatang pambata.

_____15. Karapatan ng bawat batang Pilipino na mahalin at alagaan ng kanilang mga magulang, tagapangalaga at mga mamamayan.

_____16. Ang pagkakaroon ng ligtas at malusog na buhay at legal at rehistradong pangalan, nasyonalidad, manirahan at maalagaan ng kanilang magulang ay isa sa karapatang pambata.

_____17. Ang magkaroon ng karapatan sa pag-alam ng impormasyong makabubuti sa kanilang kalusugan at pagkatao, kalayaan sa pag-iisip, pananampalataya, pribadong pamumuhay at paglahok sa mga organisasyon ay nakasaad din sa Artikulo 6 hanggang 40 ng saligang batas.

_____18. Ang pang-aabusong pisikal, seksuwal at mental, child labor, drug abuse, kidnapping, sale at trafficking ay ilan lamang sa mga karapatang pambata na madalas nalalabag ng tao.

_____19. Walang karapatang magpahayag ng kanilang saloobin at magkaroon ng tinig sa mga pagpapasyang makaaapekto sa kanilang buhay ang mga kabataan.

_____20. Walang karapatang makapaglaro, makihalubilo ang isang batang Pilipino.

LIVEWORKSHEETS